RESEARCH ARTICLE

# "Eh di, ikaw na Magaling!": Ang Pag-aaral ng Smart Shaming sa Diskursong Pangsilid-aralan

Joven B. Makiling
*University of Makati*

## ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong ipakita at ilarawan ang konteksto ng mga salitang "smart shaming" at ang epekto nito sa diskurso ng komunikasyon sa loob ng silid-aralan. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral mula sa senior high school ng isang pribado at pampublikong paaralan sa Lungsod ng Parañaque. Ginamit bilang teoretikal na batayan ng pag-aaral ang Speech Codes Theory ni Gery Philippsen (1997), na nagpapaliwanag na ang mga salita ay maaaring makaapekto sa komunikasyon batay sa mga salik na umiiral, at maaaring magdulot ng positibo o negatibong epekto. Kwalitatibong lapit sa pananaliksik ang ginamit upang matugunan ang pangunahing problema at layunin nito. Isinagawa ng mananaliksik ang pakikipanayam at Focused Group Discussion (FGD) upang magkaroon ng mas malalim na pagsusuri sa mga terminong nauugnay sa "smart shaming" at kung paano ito nagaganap. Ipinakita sa resulta na ang konteksto ng "smart shaming" ay may kinalaman sa paggamit ng wikang Ingles, kapag nagkakamali ng sagot ang kaklase at pagpigil sa pagpapahayag ng opinyon. Ang mga dahilan kung bakit ginagamit o sinasabi ang mga salitang ito ay may kaugnayan sa kausap at sa paksa; bilang bahagi ng ekspresyon sa mga isyung may kaugnayan sa katalinuhan. Ang datos ng pag-aaral ay nagpapakita na ang mga salitang may kaugnayan sa "smart shaming" ay may parehong positibo at negatibong epekto sa gumagamit (nagsasalita) at sa pinagagamitan (biktima) nito. Sa negatibong aspekto, madalas itong nakakasakit sa damdamin ng taong pinapahiya. Gayunpaman, sa positibong aspekto, maaaring maging motibasyon ito upang mapabuti ang pagkatao ng taong pinapahiya. Bukod dito, natutugunan din ng mga salitang ito ang mga pagkakamali na maaaring magamit upang mapabuti pa ng isang tao ang kanyang ginagawa at maging mas mahusay.

**PCS REVIEW | SERIES (2024) : 258 - 287**
**© 2024 MAKILING, J.B.**
**ISSN 2094-8328 | e-ISSN 2961-3426**

## ABSTRACT

This research aims to present and describe the context of smart shaming words and their impact on the classroom communication discourse. The participants in this study were senior high school Students from a private and a public school in Paranaque City. The Speech Codes Theory by Gery Philippsen (1997) was adopted as the theoretical framework in the study, which explains that words can affect communication within the factors set and existing phenomena occur. Hence, it might create a positive or negative impact. A qualitative research approach was used to respond to the main problem and its objectives. The researcher utilized one-on-one interviews and Focus Group Discussions to give an in-depth analysis of the terms of smart shaming and how they occur. Results revealed that the context of smart shaming involved English as a Status-Related Language and Intelligence Related Situations. Smart shaming words are either used or heard because of interest in the topics and speaker, part of the expression, and intelligence-related situations. The study's data reveal that smart shaming words positively and negatively impact the shamer and the shamed. As for its negative impact, smart shaming primarily hurts shamed feelings. On the positive side, the shamed could be motivated by the shamer and used to improve the shamed's personality. Likewise, mistakes were also addressed by these words, which can be used to improve someone's work and be better.


Keywords: *classroom communication, smart shaming, shamed, shamer, Speech Codes Theory*

## Panimula

Tinutukoy ng interpersonal na komunikasyon ang paraang ginagamit ng indibidwal: ang berbal at 'di-berbal para makapagpahayag ng mensahe, makapagsimula ng diskurso, at umayon sa kahulugan. Idiniin ni Jordan (2011), hindi lamang ito nakapokus kung ano ang sinabi o kung paano ginamit ang wika; ayon sa kanya mas mahalaga pa ring tingnan kung paano ito sinabi. Kabilang dito ang 'di-berbal na mensaheng ipinapaabot ng tao sa pamamagitan ng tono, kilos, kumpas, at ang ekspresyon ng mukha.

Ipinaliwanag ni O'Neill (2009) sa proseso ng pagpapadala at pagtanggap ng impormasyong hindi gumagamit ng salita ang di-berbal na komunikasyon. Ibig sabihin, maraming tao ang hindi batid na nagsisimula ang proseso ng pakikipagkomunikasyon kahit hindi pa sila nagsasalita. Hindi konteksto ang primaryang pokus ng harapang pakikipag-usap kung hindi kung paano sinabi ang impormasyon at ang paraang tumutugon sa di-berbal na mensaheng ipinadala sa pamamagitan ng tono, ekspresyon ng mukha, at kumpas ng mga kamay.

Mula sa dalawang argumento, mahihinuha ang *smart shaming* ay isang bagong penomenang nagaganap sa interpersonal na anyo. Dahil dito, kapag batid ng mga nag-uusap ang presensya ng bawat isa at nasa parehong–antas ng pag-uusap, nagaganap ang komunikasyon kahit intensyunal o hindi intensyunal. Kapag ang indibidwal ay nagsasalita tungkol sa isang paksa at bigla siyang kokontrahin ng mga sarkastikong pahayag at ekspresyon, doon nagaganap at nagsisimula ang *smart shaming*. Sabi naman ni Matthew et al. (2016), naiimpluwensiyahan ng konteksto ng mensahe ang proseso ng komunikasyon.

Dagdag naman ni Vergara (2016), ang *smart shaming* ay isang bagong isyung panlipunan sa Pilipinas na may kinalaman sa komunikasyon. Binigyang deskripsyon ni Vaughan (2017) ang *smart shaming* bilang grupo ng indibidwal na hindi sumasang-ayon kapag nakita nilang ang kausap ay mas matalino sa kanila. Dagdag pa niya, nangyayari ito sa kalagitnaan ng talakayan sa klase kapag ang magkakaklase ay sama-samang lumalahok sa diskusyon at nagbabahagian ng saloobin. Umiiral din ito kapag ibinalik ng guro ang mga papel at nagsisimula na silang magkumparahan. Sa ganitong paraan, ang mga may matataas na marka ay nagiging sentro ng tuksuhan. Umaabot sa punto na hindi na rin alam ng isang mag-aaral kung natutuwa ba sa kanya ang mga kamag-aral dahil sa mataas na iskor na nakuha niya o sadyang tinutukso lang siya dahil naiingit. Kung dadalumatin ang kahulugan ni Vaughan, ang *smart shaming* ay maaaring pangngalan at pandiwa. Tinatawag na pangngalan kapag ang tinutukoy ay tao. Sa papel na ito, binigyang katawagan ng mananaliksik ang mga hindi sumasang-ayon bilang *shamer* at ang mga bikrima bilang *shamed*. Tinatawag namang pandiwa ang *smart shaming* kapag tumutukoy sa kilos o galaw ng indibidwal. Maging si Pieraz (2018) ay nagsabing

kahit sa tipikal na pakikipag-usap sa kaibigan, ang mga matatalino ay karaniwang hinahamak o pinagtatawanan. Lalo na kung may pinagbabatayan ang opinyon o argumento ng taong nagsasalita. Ginagawang sentro ng tuksuhan ang indibidwal na ang gusto lang naman ay magbahagi ng kanyang ideya.

Ayon kay Biana (2023), ang *smart shaming* ay isang penomenang unang pinag-aralan ni Ralph Rodriguez noong 2017, kung saan kinapanayam niya ang mga biktima ng *smart shaming* at sinuri ang *social media* behavior ng mga *smart-shamers*. Pinanghawakan ni Rodriguez na wala pang konkretong depinisyon ang *smart shaming*, ngunit maaari itong tingnan na isang akto ng pamamahiyang naglalayong magdulot ng negatibong reaksyon sa mga indibidwal na may kakayahang pang-intelektwal na lumalahok sa kritikal na pakikipagdiskurso. Bagaman pitong taon na ang lumipas mula nang unang pag-aralan, patuloy pa rin ang pag-iral ng *smart shaming* hindi na lamang sa espasyong *social media* (Austria at Diaz, 2019), maging sa loob na rin ng silid-aralan at ito ang magiging sentral na pokus ng mananaliksik. Manaka-naka lamang ang nailathalang ng mga akademikong sulatin ukol sa *smart-shaming* sa Pilipinas (Rodriguez, 2017). Kaya naman, nakatuon ang papel na ito sa panimulang pagsipat ng isyu ng *smart-shaming* sa diskurso sa silid-aralan.

May hawig ang pag-aaral na ito sa papel nina Secapuri et al. (2023) na tumutuhog sa *self-esteem* ng mga *achievers* sa Lyceum Alabang, ngunit binuksan ng mananaliksik ang pag-aaral kahit sa hindi *achiever*; pangkalahatan ang tuon ng paksa, at hindi lamang sa *self-esteem*. Sina Austria at Diaz (2019) ay tumatalakay sa regulasyong pang-emosyon na naidudulot ng *smart-shaming* sa komunikasyong pang-*social media*. Sa kabanatang isinulat ni Hazel Biana (2023) na pinamagatang "Configuring smart-shaming culture in the Philippines"ipinaliwanag niya ang konteksto ng *smart shaming*, mga isyu at implikasyon, at paano ito nagaganap. Sang-ayon sa kanya nakasandig sa kasaysayan, kultura at politika ng Pilipinas ang ganitong gawi at hindi lamang sa kakulangan ng *shamer* sa kritikal na pag-iisip. Paglalagom niya na anuman ang motibasyon sa paggamit ng mga salitang ito, ang kulturang *smart shaming* ay dapat ng basagin dahil hindi maganda ang naidudulot nito sa lipunan. Sabi ni Dan (2017), ang pag-iral ng kontra-intelektwalismo ay nakadakit sa ating kultura, dahil sa pagsakop ng mga Kastila at Amerikano.

Sa pangkalahatan, pokus lang ng pananaliksik na ito ang mga ekspresyon at salitang ginagamit sa *smart-shaming* sa diskurso sa silid-aralan. Tinangkang sagutin sa papel ang mga sumusunod na katanungan: 1) Anu-ano ang mga salitang ginagamit sa *smart shaming* at saang konteksto ito ginagamit?; 2) Anu-ano ang mga dahilan sa paggamit ng *smart shaming words* sa punto-de-bista ng *shamer* at *shamed* 3) Paano binibigyang interpretasyon ng dalawang grupo ang mga pahayag na ginagamit sa *smart-shaming*?; at 4) Paano nakaaapekto sa diskurso sa silid-aralan ang *smart shaming* na salita?. Sa pamamagitan ng mga naging sagot ng kalahok, mas

nabigyan ng malawakang konsepto ang usapin ng *smart shaming* na talamak na sa diskursong pang-silid-aralan.

Mahalagang mabigyang espasyo ang mga ganitong uri ng pag-aaral sapagkat sinasalamin nito ang kasalukuyang estado ng lipunan:nahahamak ang mga matatalino at nabubusalan ang mga indibidwal sa kritikal na opinyong nais nilang sabihin. Ang mga ganitong uri ng akto ay nakababahala dahil sa halip na maging pasulong nagiging paatras dahil nababahala ang iba na mapahiya at hindi na makapagpahayag dahil nakakahon sa kamalayang "kasalanan ang maging kritikal". Pangalampag din ang paksa sa sektor ng edukasyon na dapat ay makapag-isip ng mga polisiyang angkop para mapuksa ang mga ganitong gawain. Sa huli, mabubuksan ang kamalayan ng mga mag-aaral na hindi angkop sa silid-aralan ang *smart shaming* dahil mawawalang saysay ang layunin kung bakit may paaralan—para matuto.

## Ang Smart Shaming sa Pilipinas

Sa Pilipinas, laganap ang *smart shaming*. Hindi biyaya ang pagiging matalino, kundi tinitignan ito bilang balakid. Kumbaga, mali ito. Dapat maipagmalaki natin ang ating galing at hindi dapat ikahiya. Pero dahil sa *smart shaming*, ang iba'y pinipiling sarilinin ang kanilang ideya sa takot na mapahiya. *Crab mentality* ang turing ng mga Pilipino rito. Inilarawan ito nina Aydin at Oguzhan (2019) bilang pagkainggit sa tagumpay ng iba. Katulad ng sinabi ni Simmons (2014) sa aklat na "The crab syndrome", "*If I can't have it, neither can you.*" Sa kontemporaryong pahayag, "*One for All, All for Juan*". Kung hindi namin kaya, dapat hindi n'yo rin kayanin. Dulot nito, nakokompromiso ang posisyon ng mga indibidwal na nagnanais magbahagi ng kanilang ideya. Ang isyu ng *smart shaming* ay hawig sa pagiging utak-talangka ng ng mga Pilipino.

Naniniwala si Sta. Romana (2015), ipinagdiriwang ng mga Pilipino ang kawalang-kaalaman kahit kilala ang ating bansa sa pagpapalaganap ng edukasyon sa pagpapakatao. Bunga nito, takot ang ibang indibidwal na maging maalam dahil makakaranas sila ng pamamahiya sa kanilang kapwa. Sinusugan ito ng katotohanang ang Pilipinas ay kilala bilang bansang tumatangkilik sa paggamit ng social media sa buong daigdig. Sa *social media*, kung saan nagmula at lumaganap ang iba't-ibang *smart shaming words*, ang mga tao ay nahirati nang gumamit nito (Vergara, 2015).

Dinamiko ang wikang Filipino, maraming salita ang sumisibol. Sabi ni Jimenez (2014), maraming salita ang nakalimutan, at may iba pang salitang hindi rin talaga madaling unawain ng iba. Mga salitang nauso noong dekada '90 ang nalaos at muling naibalik ngayon. Bagaman bumalik, likas sa mga salitang ito ang nagbago ang kahulugan depende sa henerasyong gumagamit nito. Sa madaling sabi, patuloy na nagbabago ang wika at sinasabayan nito ang uri ng pamumuhay

mayroon ang mga Pilipino. Kahit patuloy na nagbabago ang wika, tulay pa rin ito upang pag-isahin ang mga Pilipino.

Sa paliwanag ni Macaraig (2015), iba't ibang salita ang napaghahalo at nagiging tipikal na ekspresyon ng mga Pilipino sa kasalukuyan. Karamihan ng mga salita ay halaw sa *social media*. Halimbawa, ang komedyanteng si Vice Ganda, ang nagpasikat sa linyang "Eh di wow". Kung uunawain ang nilalaman, ang ibig sabihin nito ay "ikaw na magaling". Sa datos na inilabas ng ABS-CBN News Entertainment noong 2014, pumapangalawa sa listahan si Vice Ganda bilang pinakasinusundang artista sa Instagram at may *follower* na humigit kumulang sa 1,002,445. Kaugnay nito, may pananaliksik sa University of San Jose Recoletos, na 50% ng mga kalahok ang iniidolo at ginagaya ang *humor style* ni Vice Ganda, samantalang 64% naman ang gumagaya sa pambabasag ni Vice Ganda kapag nakikipag-usap (Bautista, 2012).

Sa artikulo ni Cynthia, AP (2016) tungkol sa kulturang Pilipino sa *smart shaming*, ipinahayag niyang mas nais ng mga Pilipino ang manatili sa mga bagay-bagay na kanilang pinaniniwalaan kahit hindi sila nagsasaliksik. Ibig sabihin, karaniwang nakatali ang mga Pilipino sa mga bagay na kanilang nakagisnan. Mas nanaisin nila ang tsismis kaysa katotohanan. Sa oras na sila ay makarinig ng matalinong pahayag, hihiyain nila ang kapwa. Sa halip na magpasalamat, hihiyain nila ang nagsasalita. Hindi nila tanggap ang pagkakaroon ng pambihirang ideya at opinyon; kaya nanaisin ng mga matatalino ang tumahimik kaysa makipagtalo.

Umiiral din ang *smart shaming* sa diskursong politikal. Halimbawa noong eleksyon 1992. Natalo si Miriam Santiago dahil pinamalas nito ang mataas na antas ng kaalaman at pambihirang personalidad. Ayon kay Sta. Romana (2015), hindi gusto ng ibang Pilipino na masyadong magaling ang mamuno sa bansa dahil nakakatakot ito. Dagdag pa niya, pinupuri at patok sa masa ang mga kandidatong hindi talaga kwalipikadong humawak ng anumang posisyon sa gobyerno. Sa katunayan, nananalo sa pambansang halalan ang mga kandidatong salat sapang-akademikong programa at gawain.

Inilahad ni Secillano (2016) ang limang maaaring idulot ng *smart shaming* sa *shamed*. Una, hinahadlangan nito ang indibidwal na maging matalino sa pakikipagdiskurso sa silid-aralan. Ikalawa, pinipigilan nito na ang malayang pagpapahayag. Ikatlo, nagdudulot ng negatibong pagtingin sa mga taong matalino. Ikaapat, ipinamumukha nito ang kaisipan sa biktima na hindi sila matalino.Panghuli, nagiging hadlang sa biktima na magpatuloy sa nais niyang ipahayag.Ipinaliwanag niya rin na kadalasang gumagamit ng mga wika ng *smart shaming* ang indibidwal dahil wala sa interes na makinig sa usapan at paraan ito para mapahinto ang nagsasalita. Hindi masasabing ayaw makinig sa paksa; sadyang may iba pang salik ang maaring ikonsidera sa pagtanggi nilang makinig

sa nagsasalita. Dagdag pa rito, umiiral ang *smart shaming* dahil ito ay nauuso at ayaw ng ibang kabataan na hindi makasunod sa *trend*. Sa madaling salita, sunod sa uso ang paggamit ng mga ganitong salita. Samantala, batay sa kanyang papel maliwanag ring inilahad na ang isa sa mga dahilan ay ayaw ng kinakausap tang nagsasalita, dahil dito, hahamakin na lamang nila ang pagiging kritikal nito. Dagdag pa rito, may mga pagkakataon na ginagamit ang salitang ito dahil hindi naiintindihan ngang sinasabi ng nagsasalita. Sa paglalagom, nagsisimula ang *smart shaming* sa tagapag salita.

## Mga Salita at Ekspresyong Ginagamit sa Smart Shaming

Sinipat ni Raymundo (2015), patuloy ang paglaganap ng *smart shaming* sa Pilipinas. Para sa kaniya, maituturing itong isyung panlipunang kailangang bigyang-pansin sapagkat nawawalan ng pagkakataon ang mga taong nais magbahagi ng kanilang nalalaman sa takot na sila ay mahamak.Maraming manunulat na rin ang nakapansin sa patuloy na paglaganap nito. Kumbaga, kasalanan na ang pagiging matalino (Vergara, 2016). Imbes tanggapin ang katotohanang maalam ang kanilang kausap, may posibilidad na hamakin ang taong nagsasalita, na nagdudulot ng pagkapahiya nito.

Binigyang diin ni Shakira Sison (2015) "*intelligence has become a liability*." Hindi ibinibilang ang mga indibidwal na sa palagay nila ay nag-iisip nang malalim. Kaya naman, patuloy sila sa panghahamak. Ibig sabihin, kasalanan ang maging malalim para sa iba. Narito ang mga salitang ginagamit: "Ikaw na ang magaling!"; Top 1 na yan!", "Okay!", "Wow, deep!", "Yabang mo talaga!", "Oh, Ikaw na!", Eh di wow! at "Iba na talaga level mo". Ilan lamang ang mga ito sa mga ginagamit para hamakin ang mga matatalino. Dulot nito lumiliit ang tingin sa sarili ng nasasabihan at hindi na nakapagpapahayag nang malaya.

Paglilinaw ni Curtis (2015), ang pahayag na "*yabang mo talaga*!" at "*ang bobo mo naman*" ay halimbawa ng kamaliang lohikal na tinatawag na *ad hominem*.Ang *ad hominem* ay personal na atake sa indibidwal at hindi sa diskusyon nito. Idinadag pa niya, ang mga ekspresyong ito ay talamak na ginagamit kapag hindi gusto ngindibidwal ang kanyang kausap. Sa halip na hikayating magsalita, personalan ang atake sa kausap.Ginagamit din ito bilang sarkastikong komento sa nagsasalita at maaaring positibo o negatibong maapektuhan ito. Ginagamit ang ekspresyong, "*ang bobo mo naman*" bilang panghamak sa mga indibidwal na hindi sapat ang pang-unawa. Ito rin ay ginagamit ng indibidwal na sa tingin nila'y nakatataas sa iba. Marahil sa iba, ito'y biro lamang, ngunit mali pa ring tawagin ang sinuman ng "bobo". Ang salitang "*ok*" ay maituturing din na sarkastikong ekspresyon para matapos ang pag-uusap. Sa gitna ng pagpapahayag, kapag bigla kang sinagot ng "*ok*", paraan ito ng hindi pagsang-ayon ng kausap. Ang "*ikaw na magaling!*" at"*edi*

*wow!*" ay istandard na sagot sa mga taong kritikal kung magpahayag. Ilan lamang ito sa mga pahayag na ginagamit sa *smart shaming*.

Noong 2016, ipinahayag ni Luke Godoy na walang araw na lumilipas na hindi nakakarinig ng mga *smart shaming* na ekspresyon ang mga tao, interpersonal man o onlayn na modalidad. Nagdagdag si Godoy (2016) ng iilan pang ekspresyon sa smart shaming: "*Ang dami mong alam*", isang tanyag na linya sa *smart-shaming*. Kapag nagkakainitan sa debate at lumalalim ang talakayan, bigla na lang ding magkakapersonalan ang nagtatalo. Bagaman, lohikal ang argumento at may batayan ang sinasabi, mayroon pa ring kokontra sa argumento sa pamamagitan ng pagsasabing, "*ang dami mo namang alam.*" Sa halip makinig at matuto, hahanapanng butas ang nagsasalita. Sa patuloy na pagbabalitaktakan, kapag sinabi ng isa, "*Ang dami mong alam*", ang magiging tugon: "*Sige na, ako na bobo, ikaw na matalino*". Mababasa sa ikalawang pahayag ang pagkainis at nagsisimula nang kwestyunin ang kanyang kakanyahan. Karaniwan itong nangyayari kapag wala nang masabi ang ka-argumento. Dahil dito, tatalunin ang kalaban sa pamamagitan ng panghahamak sa kanyang matalinong pagpapahayag.

Kilala ang Pilipinas bilang bansang matatas sa wikang Ingles. Humahanga maging mga Amerikano sa kakayahan ng mga Pilipinong makipagdiskurso sa wikang Ingles, ngunit kaiba ito sa mga kapwa-Pilipino. "*Pa-English-English ka pa*", .kapag gumamit ng Ingles sa *social media* o kapag nagsasalita ka sa nasabing wika sa iba't ibang pagkakataon, tatagurian ka bilang mayaman. Idinagdag pa ni Arcilla et al. (2017) na nakakaapekto ang *social media* sa ganitong usapin sa kadahilanang mas mabilis na naikakalat ang impormasyon sa mga *social networking site.* Para sa karamihan ng Pilipino, Ingles ang wika ng mga edukado, at sa kasawiang palad, marami pa rin ang sadlak sa kahirapan at hindi nabigyang pagkakataong makapag-aral, kaya naman tinitingnan ng iba na may kinalaman sa pang-ekonomikong estado ang wikang Ingles. Sa totoo lang, walang problema sa wika, ang problema ay ang pag-iisip ng mga gumagamit niyon. Kaugnay sa paggamit ng "*Pa-English-English ka pa*", binigyang diin naman ni Facundo (2012), na ang paggamit ng salitang "*nosebleed*", ay nagpapakita ng pagiging saradong isip ng nagsasalita nito. Sa halip na pagsumikapan na makapagsalita sa wikang Ingles sinasabi ang pahayag na "*nosebleed*". Kung bibigyan nang mas malalim na kahulugan, mahihinuha na maaaring tingnan ang pahayag na ito bilang parametro na hindi nauunawaan ng tagapakinig ang tagapagsalita. Ang "nosebleed" ay nagpapahiwatig na sadyang malalim ang pagkakagamit sa wikang Ingles; bunga nito, masasabihan siya ng "*nosebleed, 'pre*".

Naniniwala si Isla (2015), patuloy na lumalago at nagbabago ang wikang Filipino, at ang binabanggit na *smart shaming expressions* ang halimbawa sa paglagong ito. Suhay pa ni Bernales (2009), dinamiko ang wikang Filipino. Sa

kabuoang diwa, makikita sa mga pahayag na negatibo ang epekto ng *smart shaming* sa intelektwal na diskurso sa bansa. Ipinapakita rin nito na mahirap magpahayag kung ang kalalabasan naman ay panghahamak mula sa iba, lalo kung ang diskurso ay nasa *social media*.

## Ang Smart Shaming sa Lente ng *Speech Codes Theory* ni Gerry Philipsen

Ginamit bilang batayang teroretikal sa pag-aaral ang *Speech Codes Theory* ni Philipsen na nagpapaliwanag sa konteksto bilang pundasyon sa pagbibigay-kahulugan sa isang salita. Ikinokonsider din ang kulturang kinabibilangan ng indibidwal sa kung paano niyang binibigyang-katuturan ang salita. Ibig sabihin, ang pagpapakahulugan sa isang salita ay nakaayon sa iba't ibang salik , batay sa teoryang ito. Inilalahad ng kaisipan ni Philipsen na ang kahulugan ay isinaayos sa loob ng konteksto sa pamamagitan ng interaksyonsa isa't isa. Sabi ni Griffin (2005), isa sa mga pambihirang kakayahan ng tao ay ang magbigay-kahulugan sa simbolo at suriin ito batay sa kanyang pagkakaunawa. Sa gayon, tao ang nagtatakda ng kahulugan sa isang bagay. Nakatutulong ito upang higit na makilala ng isang tao ang kanyang sarili patungo sa mabuting pag-uugali. Magkakaroon ng iba't ibang kasanayang pangkomunikatibo ang iba't ibang panlipunang pangkat na nakapaloob sa isang sosyedad lang (Philipsen, 1997). Sa madaling salita, ang mga tao sa loob ng isang lipunan ay may posibilidad magsalita sa iba't-ibang kaparaanan, at ito ang humuhulma sa pagkakaunawa nila sa sarili, sa ibang tao, at sa mismong lipunang kinabibilangan.

Sa pag-aaral ni Em Griffin (2015), ipinaliwanag niya na makatutulong ang *Speech Codes Theory* sa pagsagot sa mga katanungang may kaugnayan sa *speech codes*. Kung nais maunawaan ng indibidwal kung bakit ganoon ang pagsasalita ng indibidwal, maipapaliwanag ito ng Speech Codes Theory. Mula sa argumentong ito, may iba't ibang salik na nakakaapekto sa *speech codes* ng indibidwal. Ang mga salik na ito ay maliwanag na naipakita sa pagpapaliwanag ng *smart shaming* bilang diskursong ginagamit sa silid-aralan. Una, sa kultura nakabatay ang *speech codes* ng indibidwal. Pangunahing pundasyon sa sinasalitang wika ng indibidwal ang kanyang kultura. Dahil dito, malaki ang impluwensya ng kultura sa paraan ng pananalita ng isang tao. Pangalawa, ang pagiging-naiiba na tumutukoy sa bernakular na wika. Ang Pilipinas ay may mahigit na 100 dayalekto na. Sa naiibang barayti rin ng diyalekto makikita ang ikinaiba ng wikang sinasalita ng tao kumpara sa iba pang wikaing mayroon ang isang bansa. Pangatlo, lugar , tungkol ito sa sitwasyong kinabibilangan ng tao. Pang-apat, interpretasyon, tungkol ito sa paggamit ng *speech codes* at ang pagbibigay halaga sa komunikasyon sa loob ng hangganan ng *speech cod*e. Panghuli, lakas kung saan nagaganap ang paggamit ng *speech codes* para mahinuha, maipaliwanag, at makontrol ang wika. Samakatuwid, sinasabi ng SCT na matututunan ng isang tao ang *speech code* at

mahihinuha niya ang silbi nito sa isang pamayanang gagamit, na siya namang magbibigay-daan upang makagawa rin ng *speech codes* ang ibang pamayanan at maunawaan ang kultura nila. Ginagamit nila ang wika upang makabuo ng mga kahulugang maaaring makaimpluwensya sa kanilang mga kilos at pananaw.

Sa pagsasanib ng teorya ni Philisen sa pag-aaral ng Smart shaming, ang *speech code* ay ang mga *smart shaming words* na ginagamit at naririnig ng mga kalahok. Ginamit ng mananaliksik ang wikang Filipino bilang panumbas sa pagiging natatangi nito (distinctiveness) sapagkat ito ang pangunahing wika sa dalawang paaralan. Ang silid-aralan naman ang ginamit bilang lugar kung saan nagaganap ang *smart shaming*. Ang interpretasyon naman ay mula sa kung paano ginamit ang smart *shaming words* sa mga mag-aaral. Sa lakas, maibibilang ang *smart shaming* dahil dito na nagaganap ang pagbibigay-kahulugan ng mga kalahok sa mga smart shaming words na sinalita sa kanila. Bataysa resulta ng papel na ito, ang mga *smart shaming words* ay maaaring positibo sapagkat makikita ang malalim na pagkakaibigan ng mga mag-aaral kapag ito'y komportableng ginagamit sa kanilang diskurso. Samantala, madalas na negatibo ang kahulugan nito sapagkat nakakapanakit ng damdamin lalo na kung hindi naman nila kapalagayang-loob ang kanilang nasabihan.

## Metodolohiya

Sa pananaliksik na ito, ginamit ang *case study* na tumutukoy sa detalyadong paglalarawan sa sitwasyon ng indibidwal, bagay, lugar, pangyayari, phenomenon at iba pa bilang potensyal na lunsaran ng mga susunod pang pag-aaral sa mga kahawig na kaso (San Juan, 2019). Ginamit din ang lapit penomenolohikal at layuning mailarawan at masuri ang danas ng mga kalahok. Binigyang-diin sa pananaliksik ang mga salita at ekspresyong ginagamit sa *smart shaming*, ang kahulugan ng mga ekspresyon na ito sa iba't ibang senaryo, at kung paano nila binibigyang kahulugan ang mga salitang ito.

### Mga Kalahok

Gamit ang *non-probability purposive sampling*, nagsagawa ng pakikipanayam at *focused group discussion* sa mga mag-aaral sa antas *Senior High School* na may edad 18 pataas sa isang pribadong kolehiyo sa lungsod ng Parañaque at sa isang pampublikong paaralan sa lungsod ng Makati.Nilimitahan ang pag-aaral na ito sa mga sumusunod na pamantayan: 1) mag-aaral mula mag-aaral ng senior high school na naka-enroll sa akademikong taon 2019-2020; 2) may edad 18 pataas sa araw ng pakikipanayam; at 3) naging biktima (*shamed*) at *perpetrator* (*shamer*). Nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa *guidance counselor* para madetermina ang maaaring maging kalahok (*subject*) sa pag-aaral na tumutugma sa kraytiryang

nabanggit. Sa tulong ng isang sarbey na ginawa ng mananaliksik, pinasagutan ito sa target na kalahok upang mauri ang *shamer* at *shamed*. Nang matapos silang magsagot, pumirma sila sa *interview consent form* at nagbigay ng pahintulot na makapanayam. Sa kabuoan ng pag-aaral na ito, itinuring ang *shamed* bilang mga mag-aaral na minsan ay nakaranas ng panghahamak sa loob ng silid-aralan at nagamit sa kanila ang mga salitang pang-*smart shaming*. Samantlang ang *shamer* naman ay mga indibidwal na gumagamit ng mga salitang ito upang manghamak sa kanilang mga kamag-aral. Sumatutal may tatlumpu't dalawang (32) kalahok ang pag-aaral na ito. Sa panayam, may tig-10 kalahok mula sa pribado at pampublikong paaralan; 5 ang *shamer* at 5 rin ang *shamed*. Nagkaroon naman ng parehong bilang na 6 na kalahok para sa *focused group discussion*.

**Talahanayan 1**:
Kalahok sa Pag-aaral

| Kalahok | Shamer | Shamed | Focused Group Discussion |
|---|---|---|---|
| Pampublikong Paaralan | 5 | 5 | 6 |
| Pribadong Paaralan | 5 | 5 | 6 |
| Kabuuan | **32** | | |

## Metodolohiya

Gumamit ang mananaliksik ng *interview guide form (IGF)* para sa *shamed at shamer*. Ang unang bahagi ng panayam ay hinggil sa propayl ng mga kalahok. Ang ikalawang bahagi naman ay ang mismong panayam. Nauna ang indibidwal na panamayam bago ang *focused group discussion* (FGD). Bagaman hindi nilayon ng mananaliksik na magkaroon ng komparatibong pagsusuri, isinagawa ang FGD sa dalawang paaralan para pagtibayin ang mga sagot sa indibidwal na panayam at mapalalim ang pagtalakay sa isyu ng *smart shaming*. Sa sampung kalahok sa personal na panayam, anim lamang ang pumayag na maging kabahagi ng FGD. Ibig sabihin, ang mga kalahok sa FGD ay nagmula rin sa mga personal na nakapanayam. Samantala, naglalaman ng mga katanungan hinggil sa wika, dahilan, kahulugan, interpretasyon at ekspresyon ng *smart shaming* ang kabuoan ng IGF. Matapos ang personal na pakikipanayam at FGD, tinipon ng mananaliksik ang mga datos sa pamamagitan ng pagsipat sa *transcript* ng mga panayam at sa *interview notes* na naging daan para panimulang makita ang mga umiiral na tema. Ginamit para sa pagsusuri ang anim na hakbang nina Braun at Clarke (2007) sa pagsasagawa ng tematikong pagsusuri: 1) naging pamilyar ang mananaliksik sa mga datos na nakalap; 2) sinimulan ang pagkuha ng mga inisyal na code; 3)

hinanap ang mga tema o ang mga paulit-ulit na diwang sinabi ng mga kalahok; 4) nirebyu ang mga tema; 5) pinangalanan ang mga tema; at 6) isinulat ang report.

## Diskusyon at Resulta ng Pananaliksik

### Mga Salita at Konteksto ng Smart Shaming

Ilalahad sa bahaging ito ang mga ekspresyong talamak na ginagamit sa *smart shaming* at ang konteksto nito batay sa personal na panayam at Focused Group Discussion sa mga kalahok. Narito ang mga salita't ekspresyong palasak sa smart shaming: *pa-English-English ka pa, Nosebleed, Top 1 na 'yan, Wow Deep, Ang bobo mo naman, at Hotdog.*

Madalas ang paggamit ng ekspresiyong *pa-English-English pa* sa smart shaming kapag ang wikang ginagamit sa pagbabahagi sa klase ay wikang Ingles. Pansinin ang mga naratibo ng shamed at shamer ng kanilang karanasan sa nasabing pahayag.

> *"pa- English English pa...sa tuwing recitation po at napapa-English ako sa kalagitnaan ng aking pagsasalita, kung minsan naman ay najujudge ako dahil ginagamit kong expression ang Ingles." (Shamed 2)*

> *"Pa-english-english pa... Ginagamit ko po kapag gusto kong gamitin sa isang tao. Lalo na kung mali mali naman ang grammar. Kasuka!" (Shamer 5)*

Mapapansin na ang ekspresiyong ito ay ginagamit kapag nagpapahayag sa klase gamit ang Ingles na nagpapakita ng kaalaman at kakayahan sa wikang Ingles ang shamer at ang shamed.

Samantala, ginagamit naman ng ilang kalahok sa FGD ang "Nosebleed, Top 1 na 'yan, and Wow Deep" kapag nagagalingan sa kausap. Ayon pa sa dalawang kalahok, lagi silang nasasabihan ng"*top 1 na yan*" kapag nangunguna sila sa klase. Narito ang kanilang salaysay:

> *"Top 1 na 'yan ...kasi lagi po nung Senior, Junior High School, Elementary days lagi po talaga akong nauuna, at nakakausap ng teacher at ako yung pinipili na ilaban sa ibang school...So ayun nabully ako dahil dun sa salitang yan." (Shamed 1)*

> *"Top 1 na 'yan...kapag po may mga recitation, may mga reports, performance tapos po pag tinatawag ng teacher yun po lagi." (Shamed 8)*

Bagama't ang (mga) ito ay positibong ekspresiyon na nangangahulugan ng paghanga, nakakategorya ito bilang smart shaming dahil sa negatibong nitong konteksto.

Kung paanong ang sinundang pahayag na positibo ang kahulugan ay nagkakaroon ng negatibong konteksto, mayroong ding mga smart shaming na gumagamit ng negatibong pahayag gaya ng "*ang bobo naman*". Sa pagtingin ni *Shamer 9*, kapag ang kanyang ideyang sinabi ay nagkatotoo, ginagamit niya ang katagang "*ang bobo naman*".

Parehong ginamit nina *Shamer* 6 at 9 anag pahayag na "*ang bobo naman*" kapag mabagal makaintindi ang kanilang kausap.

> "*Ang bobo mo naman... Kapag slow po ang kausap. One is enough kasi sa taong matalino. Kabobohan po kapag di ka makaintindi.*" *(Shamer 9)*

Idinagdag din ni *Shamed* 6 na sinasabi sa kanya ng mga kamag-aral na ang bobo mo naman kapag nakasagot siya ng mali, bunga nito, nahihiya na siyang magpahayag at natatakot na masabihang muli nito. Aniya:

> "*Ok. Sinasabi ito sa akin ng aking mga kaklase kapag napaliwanag ko na yung sagot ko sa kanila. Tapos yung hotdog laging nagagamit sakin lalo pag nakikinig at tsaka madalas din yung ang bobo mo naman kapag di ko nasasagot yung tanong sakin.*" *(Shamed 6)*

Komon din sa naging sagot ng mga *shamed* ang ekspresiyong *hotdog* na ginagamit sa konteksto nang pagpigil sa kanilang pagpapahayag ng opinyon o nais sabihin.

> "*Hotdog... Kapag hindi sila agree sa sinasabi ko o kaya nag-aasar tapos yun yung sinasabi nila.*" *(Shamed 2)*

> "*Hotdog... Pag hindi ko siya naririnig tapos tatanungin ko lang ulit, "Ha? Ano yun?" sasagot nila "Hotdog.*" *(Shamed 5)*

> "*Hotdog... Kapag binabara po ako.*" *(Shamed 9)*

Sa pahayag ng tatlong kalahok, karaniwang nagaganap ang *smart shaming* kapag may argumentong pinagtatalunan. Ginagamit din ang mga ekspresyon kapag wala nang saysay ang sinasabi ng kausap. Ang intensyon ng salitang hotdog mula sa pahayag ng tatlong kalahok ay nagpapakita sa nangyayaring barahan sa loob ng silid-aralan.

Idinagdag naman ng isang kalahok mula sa FGD na biktima naman ng *smart shaming*:

> *"Sa recitation, kapag may emphasis po ang sagot ko, bigla akong nasasabihan ng hotdog. Nakakabastos po talaga. Gusto ko lang naman mag-share ng nabasa ko." (Shamed 5)*

Samantala, para kay *Shamer 10*, ginagamit niya ang ekspresyong "*ikaw na ang magaling*" kapag ang magandang usapan ay nauwi na sa walang kapararakang paksa. Sa ibang salita, nagagamit niya ang katagang ito sa kontekstong pagpapahinto sa usapan.

Sa pagkakabuo pa lang ng salitang *smart* shaming, sentral na nitong ipinapakita na may kinalaman ang intelektwal na abilidad sa usaping ito. Sa ibang salita, ang *smart shaming* ay isang pagtatangka na kontrahin ang mga may magagaling na ideya, at pinipigilan nito ang matalinong diskusyon sa pagitan ng dalawang taong nag-uusap (Arcilla et al., 2017). Pinatutunayan ng mga sagot mula sa panayam na ang konteksto ng smart shaming ay nagaganap sa loob ng silid-aralan at kung minsan nagaganap din kapag may diskursong pang-intelektuwal. Ang depinisyon ni Arcilla ay mas lalong makatutulong para mabigyang tuon ang sitwasyong pangkatalinuhan na nakikitang pangkalahatang konteksto ng smart shaming sang-ayon sa naging kolektibong pahayag ng mga kalahok.

## Mga Dahilan sa Paggamit ng Smart Shaming Words

Sa bahaging ito, tatangkain namang suriin ang dahilan kung bakit nagagamit ang mga salitang ito. Lumabas sa panayam ang mga sumusunod na tema: ang paggamit ng smart shaming ay nakabatay sa interes ng kausap at ng paksa, ang smart shaming ay bahagi lamang ng ekspresyon, at ginagamit sa isyung pangkatalinuhan.

### *Interes sa Kausap at sa Paksa*

Isa sa primaryang tinitingnan sa usapin ng *smart shaming* ay ang interes ng tagapakinig sa sinasabi ng nagsasalita. Sa kolektibong sagot ng mga shamer, aminado silang ginagamit ang *smart shaming words* kapag wala silang interes sa sinasabi ng kausap.

> *"Kasi kapag may kausap tayo di talaga natin maiiwasang may kausap na magshe-share sa'tin ng nonsense na ano eh, yung talaga yung sinasabi ko sa kanila para hindi na nila ituloy yung kuwento. Wala ako paki." (Shamer 10)*

> *"Pag sa close friend ko sinasabihan ko sila ng "Dami mong alam" pag lagi silang nagkukwento sakin kahit di ko sila tinatanong "Hala, dami naming alam nito!" (Shamer 8)*

Batay sa inihapag nilang argumento, malinaw ang dahilan na wala silang interes sa paksa na hindi mahalaga sa kanila. Ang interes ay nakaaapekto sa paraan ng pagtalima. Magkakaiba ang interes ng indibidwal, kaya naman mahalagang mag-adjust ang isa sa kung ano ang gusto ng kanyang kausap. Mapapansin din ang empasis sa sagot ni Shamer 8 na kapag kaibigan niya ang kausap, komportable siyang gumamit ng mga pahayag na ito. Kung gayon, isa sa mga dahilan sa paggamit ng smart shaming na pahayag ay ang interes ng tagatanggap ng mensahe at ang lebel kung kapalagayang loob ba niya ito o hindi. Halimbawa sa naging sagot ni Kalahok 6, aniya: "*ginagamit ko po ito para ma-save ko po ang relationship naming magkakaibigan. Kumbaga, kapag sinabi ko po wow ah sa gitna ng pagtatalo naming magkakaibigan, bigla na lang po kaming magtatawan at magbabati na po.* Bagaman hindi magandang pakinggan, sa positibong anggulo, makatutulong ito para maayos ang gulo ng magkakaibigan. Susog ni Kalahok 3: "*Wala naman, kasi parang sa'ming magkakaibigan kasi trip na lang yun ganon.*" Sa sagot na ito, makikita ang relasyonal na paggamit ng isang pahayag; kapag kaibigan ang nagsabi, bahagi na ito ng diskors bilang magkakaibigan. Kung hindi kapalagayang-loob, iba ang magiging interpretasyon sa *smart shaming words.* Ipinaliwanag ni Owen (2011), ang shared codes ng wika ay nagpapahintulot sa pagpapalitan ng ideya sa pagitan ng mga nakikinig at nagsasalita. Ang shared code ay kumakatawan sa mga bagay at relasyon. Kung hindi tugma ang mga di-berbal na kilos, maaaring hindi ito maunawaan ng tagatanggap ang mensahe. Sinang-ayunan ito ni Rose (2018), na nagsasabing may malaking implikasyon ang bawat salitang binibigkas sa isang tao. Sa kasalukuyan, sinabi ni CynthiaAP (2016) na laganap na sa bansa at lipunan ang smart shaming na kung saan patuloy na hinahamak ang mga maaalam at bunga nito, napanghihinaan ang iilan na magka-interes sa pagpapayabong ng kaalaman.

Samantala, para naman kina Kalahok 5 at 9, ang paggamit ng smart shaming ay daan para pigilan ang mga walang kabuluhang pag-uusap. Sa aklat na "Communication and Persuasion" na sinulat nina Petty at Cacioppo (1986), kapag mahalaga sa dalawang nag-uusap ang paksa at hilig nila ito, mas nagbibigay sila ng puwang para maproseso ang mga impormasyong sinasabi ng bawat isa. Kung sabagay, kahit naman sa loob ng silid-aralan kung hindi interesante ang mag-aaral sa paksa, nahihirapan siyang makasunod. Kagaya halimbawa ng pag-aaral nina Nussbaum at Schraw (2007) na nagsasabing malaki ang impluwensya ng paksang tinatalakay ng guro para mapukaw ang interes ng mga bata. Mahalaga sa proseso ng komunikasyon ang *adjustment.* Ibig sabihin, kung nais na maging

matagumpay ang proseso ng pakikipag-usap, dapat ay kapwa nagpaparaya ang dalawa, bagay na inilalahad ng *Uncertainty Reduction Theory* (Berger at Calabrese, 1975).

***Bahagi ng Ekspresyon***

Pangalawang dahilan sa paggamit ng mga pahayag na ito ay dahil ekspresyon lamang nila ito. Para sa mga shamer, ekspresyon lamang ito dahil nauuso at paraan ng pakikipagbiruan; wala silang intensiyon na makasakit ng kaklase. Anila:

> "*Ano po parang trip trip lang po, biruan, expression ko lang.*" *(Shamer 8)*
>
> "*Sanay na kasi ako, sir. Hindi ko sure kung nakaka-offend na ako.*" *(Kalahok 5)*
>
> "*bahagi na po yun nung salita ko eh. Yung eh di wow.*" *(Kalahok 10)*
>
> "*kapag gumagamit ako ng edi, wow, ginagaya ko kasi si Vice Ganda eh. Tapos naririnig ko sa mga kaklase ko. Kaya ayun, di ko naman ginustong makapanakit.*" *(Shamer 4)*

Para naman sa mga shamed:

> "*sa kanila wala iyon, pero sa akin—big deal ang mabastos sa harap ng klase.*" *(Shamed 8)*
>
> "*hindi lahat ng uso ay tama. Nakakawalang-gana po kasi kapag laging ganyan*". *(Shamed 10)*

Batay sa umiiral na sagot, kapansin-pansin sa mga punto de bista ng mga shamer, ekspresyon lamang ito, ngunit sa mga shamed, ito ay nakakasakit na ng kanilang damdamin. Katulad ng pahayag nina Shamers 1,4, at 6, ginagamit nila para magbiro at makapagpahayag ng sarili ang *smart shaming words*. Para naman kay Shamer 2, paraan ito para mapasaya ang mga kaklase niya at hindi naglalayong makapanakit sa kaklase. Sa katunayan, hindi talaga sila malay na akto ng *smart shaming* ang mga pahayag nila. Binigyang tuon ni Secillano (2016), minsan ay hindi malay ang isang indibidwal na ang paggamit ng *smart shaming words* ay bahagi ng kanyang diskurso sa buhay. Sinusugan ni Manaig (2017), ang mga salitang ito ay bahagi na talaga ng diskursong-Filipino at itinuturing na ekspresyon na lamang. Kaya naman maaari ding tingnan ang inihapag nina Secillano (2016) at Manaig (2017) tungkol sa pag-iral ng *smart shaming* bilang ekspresyon lamang ng tagapagsalita. Gayunpaman, mahalaga pa ring isaalang-

alang kung sino ang kausap, saan nagaganap ang usapan, at konteksto ng pinag-uusapan. Maaaring sa tagapagsalita ito ay isa lamang ekspresyon pero hindi pa rin dapat ipagpasubali ang posibleng maramdaman ng kausap kung hindi pag-iisipang mabuti ang sasabihin, at dito nga papasok ang *contextual sensitivity* sa proseso ng komunikasyon. Bagaman normal na para sa iba katulad nga ng sinabi ni Manaig (2017), hindi pa rin dapat mawala sa konsiderasyon ang magiging epekto nito sa tagatanggap ng mensahe.

Dagdag ni kalahok 7: "*hindi nila pinag-iisapan ang kanilang sinasabi po.*" Maaaring magdulot ng negatibong implikasyon sa buhay ng mga biktima ang *smart shaming* kung hindi mag-iingat ang mga taong laging gumagamit nito. Mapapansin na malaki ang impluwensiya ng *bandwago*n sa usapin ng *language trends* sa Pilipinas. Pana-panahong nagbabago ang mga salita na nakadepende kung papaano tatangkilikin ng mga taong kabilang sa isang lipunan. Paliwanag nina Mc Arthur et al.(2018) sa kanyang aklat, malaki ang impluwensiya ng midya at kulturang popular sa diskurso ng *language trends* sa isang bansa. Katulad ng sagot ni kalahok 10, kaya siya gumagamit ng *edi wow* dahil narinig niya ito kay Vice Ganda. Sa kabilang banda, sinabi ni Gardner (1999), hindi lahat ng *language trends* ay kapaki-pakinabang. Sa puntong ito, mahalaga sa tagapagpadala ng mensahe na isiping mabuti ang maaaring maging implikasyon ng salitang bibitawan.

### *Mga Isyung Pangkatalinuhan (Superiority Issues)*

Ikatlong dahilan ay ang paggamit ng *smart shaming words* bilang pambasag. Sabi ng isang kalahok:

> "*Gumagamit ako ng ikaw na magaling lalo na kapag nagre-recite feeling nagtatalino-talinuhan.*" *(Shamer 2)*

Bagaman, wala pang pag-aaral na magpapatunay na ang paggamit ng smart shaming na mga salita ay relatibo sa pambu-bully, nagpapakita pa rin ito ng *control* at kapangyarihan sa iba. Ipinahayag din ng mga kalahok na ang paggamit ng *smart shaming* ay manipestasyon na mas magaling ang kausap nila kaysa sa kanila. Sabi ng isang kalahok:

> "*Gusto kong ihinto nila ang pagsasalitang wala namang kinalaman sa pinag-uusapan. Paikot-ikot po kasi. Ang weird...*" *(Shamer 5)*

Sinaad naman ng isang S*hamed :*

> "*hmmm..sa karanasan ko po kasi, kapag di ako umaayon sa sinasabi nila... Halimbawa sa meeting po, kapag di ko nagustuhan yung suggestion o kaya ay may naiisip akong bago, nagpaparinig po sila ng bida-bida raw po ako.*

> *Pero kapag sumang-ayon naman ako sa suggestion nun, kahit labag sa loob ko, wala ako naririnig po." (Shamed 8)*

Sa pahayag sa itaas, ipinapakita na ang pagpilit na tanggapin ng indibidwal ang ideya ng iba kahit labag ito sa kaniya ay pagpapakita ng pwersa o lakas, at ang paggamit ng *smart shaming words* ay isang paraan upang gawin ito. Maipapaliwananag ang temang ito sa pamosong kataga na *crab mentality*, gamit ang depinisyon nina Aydin at Oguzhan (2019); Spacey (2015), tinuruan nila itong *pattern* ng pag-uugali kung saan nagtatangka ang isang taong ibaba o pababain ang isa pa na sa tingin nila ay mas may galing kumpara sa kanila. Sabi ni Cruz (n.d), *kiakusim* ang kahawig nito sa bansang Singapore. Sa kasaysayan ng Pilipinas, bunsod ng pananakop ng mga dayuhan, bumaba ang tingin natin sa ating sarili. Gayupaman, batay sa obserbasyon ng mga Kastila, maging ang mga Pilipino rin ay nagtatangkang maging dominante sa kanilang kapwa Pilipino. Sa kasalukuyan, mistulang tinitingnan ang silid-aralan bilang silid-kompetensiya. Nagkakaroon ng hidwaan ang mga mag-aaral sa pagnanais na umangat din sila. Sabi ni Tripathy (2017), kapag ang isang mag-aaral ay nakakuha ng mababang marka, ikinukumpara niya ang sarili sa mga matatalino, dahilan sa "*inferiority complex*".

## Interpretasyon sa Mga Salitang Gamit sa Smart Shaming

Matapos mabatid ang mga dahilan ng paggamit ng smart shaming na ekspresyon, mainam namang tingan sa ngayon kung papaanong binibigyang kahulugan ng mga kalahok ang mga salitang ito. Mula sa kanilang naging sagot, nabuo ang mga sumusunod na interpretasyon: pamamahiya, pag-aalangan, nakakasakit ng damdamain, at pagpapakatao.

### *Panghihiya*

Sabi ng isang kalahok: "*... sir parang wala kang alam, ganon bobo ka.*", mararamdaman ang panliliit sa sarili ng kalahok. Kung susuriing maiigi, kapag palagiang minamaliit ang indibidwal, hindi na ito magsasalita sa takot na mapahiya. Hindi rin nakapagtataka kung bakit may mga batang takot magsalita sa tuwing may *recitation*, nauunahan sila ng takot na baka sila'y mapahiya kung mali ang kanilang isasagot. Dahil dito, mawawalan na ng gana sa pakikilahok sa talakayan ang isang mag-aaral. Sa kabilang banda, isa sa mga *Shamers* ang nagsabi: "*Sa labas ng klase kapag ganon talaga. Kapag parehas kaming nakikipag usap yun ang bobo mo naman. Para malaman nya rin Sir na bobo talaga siya.*"Aminado ang kalahok na ito na nagagamit ang *smart shaming* para ipamulat sa kaklase na hindi ito magaling. Direkta kung magsalita ang nakapanayam, para malaman aniya ang pagpapahiwatig na mali ang kanyang kausap. Gayunpaman, maaaring magdulot ito ng pagkapahiya sa kanyang kausap. Maaari namang makatulong sa kapwa

nang hindi nananakit ng damdamin. Sa jargon ng mga kabataan, "*real talk*"ang tawag dito. Malaki ang tendensiyang magka-*trauma* ang isang mag-aaral kung palagian siyang nasasabihan ng "*ang bobo mo naman.*" Sa artikulo ni Bruce Perry (2006), ipinaliwanag niya na malaki ang posibilidad na ma-trauma ang isang bata kapag lubusan siyang nainsulto sa silid-aralan. Bunga nito, kaiinisan na nila ang paaralan at hindi na gugustuhing mag-aral, ang malala rito ay tatatak sa kanyang kaisipan na hindi siya matalino.

Batay kay Secillano (2016), ang mga pahayag tulad ng: "*nerd*," "*geek*," "*know-it-all*", ay ilan lamang sa mga ekspresyong ginagamit sa mga taong may mataas na antas ng intelektwalisasyon. Marapat lamang na himukin ng bawat isa na makapagpahayag ng nalalaman upang mas lalo pang mahasa at hindi dapat hiyain. Sa kabilang banda, isa sa mga dahilan kung bakit hinihiya ng indibidwal ang isang taong magaling dahil hindi sila naniniwala sa sarili nilang kapasidad. Ibig sabihin, nagmimistulang depensa ang paggamit sa *smart shaming* na mga salita upang mapagtakpan ang isang kahinaan. Tama ang sinabi ni Sta. Romana (2015), natatakot ang karamihan ng mga Pilipino na maging matalino dahil maaari silang ipahiya katulad ng naging pahayag nina Shamed 1 at 8 sa itaas. Magbubunga ang mga ekspresyon na ito ng *mediocrity* sa diskurso ng silid-aralan. Ikinakahon ng mga ekspresyon na ito ang mga indibidwal na nagnanais magbahagi ng kaalaman. Sa kabilang lente, sa datos na inilabas ng World Bank et al. (2022), 91 bahagdan ang antas ng *learning poverty* sa bansa. Malayo ito sa bansang Singapore na 2.8 bahagdan lamang. Kabalintunaang maituturing na mataas may learning poverty tapos may isyu ng smart shaming sa loob ng silid-aralan. Imbes na mahikayat ang mga estudyante na matuto, kinakahon ng isyung ito ang oportunidad para sa intelihenteng diskurso na maaaring maging tulay sa pagpapabayabong ng kaalaman sa Pilipinas.

### *Alalahanin (Hindrance)*

Salaysay ng isang *shamed*:

> *"...nawawala yung interaction between, it's either from the teacher or from the student kaso sir once na nagsasalita na yung isang student which is parang nasa isip nya na yung gusto niya...once may nag-interrupt nung isang student for example, parang kahit bumulong lang yan tapos narinig nung nagsasalita na pa-english-english pa, nawawala sir yung concentration na masabi yung ideas nya in mind na hindi nya na masabi kung ano talaga ying gusto niya sabihin. Yun yung nakikita ko sir na negative about sa smart shaming." (Shamed 6)*

Habang si Shamed 4 naman ay nagsabing: "*Nakaka-offend at the same time ayaw mo nang ituloy yung gusto mong sabihin or gawin.*" para kay Shamed 8 naman ito ay uri ng pressure, "...Kasi po parang napre-pressure ako pag sinasabihan ng top 1, parang may expectation po sila parang yun po yung sa tingin ko."

Mapapansing nag-aalangan na ang mga shamed na magpahayag ng nais nilang sabihin. Nangangahulugan na ang biktima ng *smart shaming* ay naninimbang na sa tuwing sila ay sasagot sa recitation. Kaya naman kahit tama ang sagot, alangan ng mag-*recite* dahil baka mapahiya siya kaya't sinasarili na lang niya ang gusto niyang sabihin na sana'y maibabahagi sa klase.

***Mga Damdaming Nasaktan (Hurt Feelings)***

Negatibo ang epekto ng *smart shaming* sa mga *shamed*. Para sa kanila, naksasakit ng damdamin ang mga salitang binibitiwan sa kanila. Kung ang isang tao ay nasa kalagitnaan ng kanyang pagsasalita at masinsinang ipinapaliwanag ang nais niyang sabihin, ang pagdinig ng *smart shaming words*, ay nagdudulot sa kanya ng panliliit sa sarili. Kahit na isang biro masakit pa rin ito sa damdamin. Mariing sinabi ni Shamed 3: "*Siyempre nakakaoffend. May mga teacher na nagsasabi na it's okay to try express your opinion tapos sasabihan ka nang ganun, dahil dun sinasarado na nila yung opportunity mo na makapagopen ng ideas mo*". Sa usapin naman ng pangbabara, sabi ni Shamed 7: "*minsan kasi yung mga ganyang salita minsan wala kasi sa lugar. Halimbawa seryoso ako tapos sasabihan ng hotdog, syempre nakaka-ano lang yung tipong seryoso ako tapos babarahin mo lang ng ganon.*" Mas masakit sa pananaw ni Shamed 8:"*Minsan nahihiya na po ako yung parang may gusto pa po akong i-express tapos bigla pong sinabi "Top 1 na yan" parang yung lahat po ng sasabihin ko parang na shut down na po kasi parang nakaka intimidate po talaga.*"

Buhay ang wika sa paraang magagamit ito sa makabagong pamamaraan (Griffiths, Merssion, at Bloomer, 2010). Dahil dito, maraming kahulugan ang isang salita at nasa tagatanggap ang pagsusuri nito. Mababanaag na hindi katanggap-tanggap sa dirkurso ng silid-aralan ang *smart shaming* dahil nakakasakit ng damdamin ng kapwa. Katulad ng sinabi ni Biana (2023) negatibo ang nadudulot nito sa lipunan.

***Pagpakatao (Personality Improvement)***

Isa sa mga positibong naidudulot ng *smart shaming* ay ang pagpapabuti ng pagkatao. Sa naging pagtataya ni Kalahok 7 at 9 sa FGD, "*yung ibang nasabihan po namin* nun, *sa una nasaktan sila pero tumibay rin po ang loob.*" Ibig sabihin nito, positibo ang dating ng smart shaming depende sa persepsyon ng nasabihan. May mga taong sensitibo at dapat maging maingat sa pagbibigay ng puna. Sa una anila ang mga nasabihan nila'y nasaktan pero kalaunan naging matibay na ang personalidad ng mga ito sa puntong nakikipagsabayan na sa kanila, kung mangyari man iyon,

itinitigil na nila ang pagsasabi ng mga salitang ito sa tao—natutong lumaban ang isang indibidwal pero sa una normal na ang masaktan.

Batay sa naging pag-aaral ni Sweeter (1964), ang tugon ng isang tao ay laging nakabatay sa kung paano niya binibigyang kahulugan ang isang mensahe. . Kaya mahalagang tama ang paggamit sa wika upang mataas ang antas ng kanyang pagkaunawa sa diskurso. Dagdag pa rito, ang pagpapabuti sa pagkatao ay lagi't laging nakasalalay sa kakayahan ng indibidwal na maunawaan ang tunay na intensyon ng mensahe. Kung ang layunin ay ang pagpapaunlad ng pagkatao, at ang tumatanggap ng mensahe ay may kakayahang maunawaan ito, maaaring magdulot ito ng positibong pagbabago. Ang mga biktimang nakakaunawa sa mensahe ng shamers at tumatanggap ng puna ay halimbawa ng mga nagkaroon ng positibong pagpapakahulugan sa mga salitang ito. Ang kanilang tugon ay resulta ng kanilang kakayahang harapin ang mga hamon at gamitin ang mga puna para sa sariling pagpapabuti.

## Epekto ng Smart Shaming sa Diskursong Pang-silid-aralan

Sa huling bahagi ng papel-pananaliksik na ito, tatangkaing balangkasin ng mananaliksik ang naging epekto ng mga eskpresiyong pang-smart shaming kapag ginamit sa loob ng silid-aralan. Magmula sa naging sagot ng mga kalahok, nabuo ang mga sumusunod na negatibo at positibong tema: Ingles bilang Wika ng Karunungan, Pagkawala ng tiwala sa sarili, motibasyon, at naiwawasto ang pagkakamali.

### *Ingles bilang Wika ng Karunungan at Karangyaan*

Sa bansa na kung saan tinitingnan ang wikang Ingles bilang simbolo ng karangyaan at wika ng elitista, lumitaw sa kolektibong pahayag ng mga kalahok na kapag Ingles ang gamit ng kanilang kaklase sa pagre-recite, itinuring nila itong mahusay. Ipinapakita ng ibang kalahok ang pagtingala nila kapag nagsasalita ng Ingles ang kaklase at para sa kanila, nakatataas ito sa silid-aralan, lalo na sa mga nasa publikong institusyon dahil mas talamak sa kanila ang paggamit ng wikang Filipino. Kaya naman, malaki talaga ang magiging posibilidad na maging sentro ng asaran ang mga nagsasalita ng Ingles dahil magiging kakaiba ito sa pandinig ng kaniyang mga kaklase. Samantala, inamin nina Kalahok 2 at 3 mula sa FGD na naiinggit sila sa mga mahusay magsalita sa Ingles. Bunsod nito, maaaring ipagpalagay na may *insecurities* ang gumagamit ng *smart shaming words* dahil wala sila ng mayroon ang kausap nila. Sa kabilang banda, may ibang mga kalahok na mapanghusga rin sa kanilang mga kamag-aral na nagsasalita sa wikang dayuhan pero mali-mali ang gramatika nito at nagiging sentro din ng tuksuhan. Samantala, sa mga pribadong institusyon naman nakita nila na normal lang sa kanila ang pagsasalita ng wikang ito dahil ito ang gamit nilang wika sa kanilang tahanan o

sa iba pa nga, ito ang kanilang unang wika kaya wala silang nakikitang mali sa paggamit nito. Salungat sa pahayag ng mga nasa publikong institusyon, tinitingan nila bilang marangya ang isang taong nagsasalita ng Ingles kaya minsan nahihiya sila makipag-usap sa mga ito.

Kung lilimiin, magkaibang punto-de-bista ang tinatangka ng mga diskurso. Ang una ay ang paggamit ng Ingles bilang pagpapahayag; paggamit ng Ingles bilang pagpaparamdam ng pagiging superyor nito sa kausap, at ang paggamit ng Ingles bilang wika ng karangyaan. Sa datos na ipinalabas ng *Philippine News Agency* (2023) mula sa isinagawang SWS sarbey noong Marso 26-29, sinasabi na may 80% ng mga Pilipino ang nakauunawa sa pasalitang Ingles; 80% ang nakababasa sa Ingles; 69% ang nakakasulat sa Ingles; 55% ang nakapagsasalita sa Ingles; at 47% ang nakapag-iisip sa Ingles. Sa datos na ito makikitang palasak ang wikang Ingles sa kasalukuyan lalo na sa mga kabataan. Gayunpaman, ang kakayahan sa nasabing wika ay hindi lisensya para manghamak ng kapwa-tao. Sa halip na basagin, maaari namang itama ang nagkakamali sa gramatika. Kapansin-pansin din sa naunang pahayag na normal na sa bansa ang paggamit ng Ingles lalo na sa silid-aralan. Sabi nga ni Aquino (2016), kaya ang mga Pilipino ay nawawalan ng gana para matututo sa wikang Ingles dahil natatakot silang magkamali at masabihan ng hindi maganda ng iba. Kapansin-pansin sa mga silid-aralan na kapag hindi tahasang maipahayag ng isang estudyante ang nais niyang sabihin, ginagamit niya ang Wikang Filipino. Sa kasawiang palad, mistulang itinutring dito sa Pilipinas ang Ingles bilang wika ng intelektwal na diskusyon. Mariing sinabi ni Renato Constantino (2016) sa kanyang artikulo na Intelektuwalismo at Wika ang pamamayagpag ng wikang Ingles sa sektor ng edukasyon at negosyo. Aniya, palaging binibigyang halaga ang wikang dayuhan, tradisyon, at kapangyarihan sa kasalukuyan. Nagiging hayok ang mga Pilipino na matuto sa wikang banyaga para maging matagumpay sa daigdig. Dadag pa ni Constantino na kapag ang wika ay naging sagabal sa pag-iisip, nagiging bansot din ang pag-iisip. Ang ganitong impluwensiya ay kumakalat na rin sa silid-aralan dahil nga kagaya ng nabanggit na, masyadong mataas ang tingin ng mga mag-aaral sa wikang Ingles.

### *Kawalan ng Tiwala sa Sarili*

Ang ikalawang epekto ng smart shaming sa diskurso sa silid-aralan ay kawalang ng tiwala sa sarili ng mga biktima nito. Sa karanasan ni Shamed 5: "... nararanasan ko na tulad kanina nakakawalang gana, nakakawala ng confidence tapos parang nakakatamad." Dagdag naman ni Shamed 8: "*Nakakasira siya ng daloy. For example, maganda naman yung flow ng discussion then may ganun nakakasira siya.*" Sinusugan din ito ni Kalahok 5, aniya: "*Ayun po Sir nakakababaw po ng confidence,*

*parang iisipin mo ayaw ka naman nila kausapin parang 'wag ka na lang magsalita mapapahiya ka lang."*

> "*sa kaso ko po, lagi kasi akong nagbibigay ng suhestiyon tuwing may groupings po. Minsan alam ko naman sa sarili ko na may point ako, pero lagi nilang cinacancel. Dahil po rito, ayaw ko ng magsalita.*" (Shamed 9)

> "*madalas akong tawanan sa recitation, sir eh. Kapag sumasagot ako, yung mga mata nila parang may ibig sabihin. Minsan nga po nasabihan na akong si Jollibee, dahil BEEda-BEEda raw po ako. Gusto ko lang naman mag-recite.*"(Shamed 4)

Pinatutunayan ng mga pahayag na maaaring magdulot ng pagkawala ng kumpiyansa sa sarili ang *smart shaming* at mas pipiliin na lang ng kanilang mga kaklase na manahimik sa halip na makilahok sa talakayan; nagbubunga rin ito ng pagdududa sa sarili. Binigyang diin ni Bernstein (1973), may kanya-kanyang pamamaraan ang tao sa pagsasalita na makakatulong para maunawaan niya ang kanyang sarili, ang ibang tao, at ang kanilang pakikitungo. Dagdag pa niya, ang pagkakaroon ng simpatiya sa *communication practices* lalo na sa paaralan na lugar kapaligiran para sa pagkatuto ay malaking bagay sa mga mag-aaral.

***Motibasyon***

Sabi ni Shamed 1, "*Kasi wala naman po akong makitang mali kahit magenglish po ako, kasi yun ay para sa sarili ko para maitrain ko, lalo ngayon sir? Gusto ko din maitrain yung sarili ko. So kapag sinasabihan ako nun, medyo nakakapikon sir kasi gusto ko din sabihan sila ng What' your ano? Ayoko na lang magbigay ng time para magentertain yung ganun which is hindi naman nakakapagambag ng mabuti sa sitwasyon.*"

Batay sa sagot ni Shamed 1, hinahayaan niya na lang ang mga taong umaalipusta sa kanya sa tuwing siya ay gumagamit ng wikang Ingles. Sa ibang salita, nakikita niya ang *smart shaming words* bilang motibasyon na pagbutihin ang sarili at balewalain ang komentong masasakit sa kaniya. Dagdag ni Shamed 10, "*Mas lalo po akong natri-trigger na magsabi ng mga ideas ko sa kanila.* Hindi nahahadlangan ng *smart shaming words* ang kagustuhan ng isang tao na magpahayag. Depende ito sa motibasyon ng indibidwal. May mga indibidwal na hindi nagpupursiging magpahayag sa oras na sila ay napapahiya. Kakaiba naman ang sagot ng isa mga lumahok sa FGD, aniya: "*tinitignan ko po ito bilang isang hamon sa akin lalo na kapag may groupworks, kapag nagbibigay ako ng idea, hindi naman pinakikinggan.*"

Makikita sa naging sagot ng mga kalahok na sa positibong lente nila tinitingnan ang pamamahiya sa kanila. Sa sitwasyong ito, maituturing ito na extrinsic motivation o ang pagkakaroon ng motibasyon na mas maging mabuting tao matapos mapahiya ng isang kaklase. Ang pangkapahiya ay nagiging stimuli

upang mas mahikayat ang indibidwal na mapabuti o baguhin ang kanilang ugali (Ryan at Deci, 2020). Ibig sabihin, hindi sila negatibong naapektuhan ng panghihiya sa kanila. Bagkus, nagsisilbi itong daan upang mas lumago sila sa kanilang pagkatao. Gayunpaman, hindi lahat ng mga mag-aaral ay ganito ang pagtanggap sa panghihiya sa kanila. Maaaring sa iba motibasyon ito, pero sa iba--nakakawala ng motibasyon.

### *Ang Pagkakamali ay Naiwawasto (Mistakes Are Addressed)*

Napagtanto ng ilang kalahok na sila'y nakakasakit kapag gumagamit ng *smart shaming words*. Sabi ni Shamer 3: "*kapag sinasabi ko yun after ko sabihin tsaka ko lang mare-realize na mali pala yun pero ulit-ulitin ko uli kasi nga masaya ako pero alam ko naming mali yun.* Bagamat alam niya na mali, patuloy pa rin sa paggamit ng mga salitang ito. Isang kalahok naman ang aminadong bumaba ang kredibilidad niya dahil dito. Ayon pa sa isa, nakatutulong ang smart shaming para ipakita sa mga estudyante na kailangan nilang magbago mula sa pagiging bida-bida sa silid-aralan.

Batay sa mga kalahok hindi maiiwasan ang mga nagpapabibo sa klase. Kung minsan, nais nilang basagin, para magkaroon ng realisasyon ang mga kamag-aral na sumusobra na sila. Sabi ni Kalahok 3, "Para sakin yung positive dun pwedeng ma-realize nung tao, walang kwenta yung sinasabi niya tapos matutunan niya yung limit niya sa mga sinasabi niya..." Sa pahayag naman ni Kalahok 10, nakatutulong ang smart shaming para mabawasan ang kayabangan ng kaklase.

Mapapansing may positibo at negatibong implikasyon ang *smart shaming words* depende sa intensiyon ng tagapagsalita. Sabi sa salawikain, "*the biggest room in this world is the room for improvement*', maaaring mabago ang pagkakamali kung maipaparating ito sa kaniya. Para sa mga *shamers*, posibleng magamit ang *smart shaming* sa ganitong layunin.

Sa "Communication Matters" ni Kory Floyd (2012): ang epektibong komunikasyon ay nakasalalay sa malinaw na pagpapahayag ng mensahe at aktibong pakikilahok ng tagatanggap. Mahalaga ang konsiderasyon sa damdamin ng tagatanggap upang mas maging epektibo ang komunikasyon at makamit ang positibong pagbabago. Kung ang layunin ng ng *smart shaming* ay itama ang maling gawi, mahalaga ang kalinawan at konsiderasyon sa damdamin ng tagatanggap. Sa ganitong paraan, mas magiging epektibo ang komunikasyon at mas malamang na magresulta ito sa positibong pagbabago. Sa huli, binibigyang-diin ni Floyd na pag-isipan ng mga shamers ang mga salita at tiyaking hindi makasakit. Para sa mananaliksik, ang epektibong komunikasyon ay maaaring magdulot ng pagtutuwid ng /sa pagkakamali at pagpapabuti ng relasyon sa kapuwa.

## Kongklusyon

Matapos masipat ang danas ng mga mag-aaral sa isyu ng *smart shaming*, narito ang natuklasan ng mananaliksik: Una, nakabatay sa konteksto at sitwasyon na kinalulugaran ng indibidwal ang *smart shaming*. Kadalasan, ginagamit ng isang tao ang mga pahayag na ito upang ipakitang mas superyor at mas magaling sila sa silid-aralan. Pangalawa, karaniwang negatibo ang dahilan sa paggamit ng *smart shaming words*—para ipakita ang kontrol, kapangyarihan, at impluwensya ng *shamer* sa *shamed*. Pangatlo, ang interpretasyon sa *smart-shaming* ay negatibo para sa naging biktima nito. Lumabas sa pag-aaral na ito ay akto ng pamamahiya na nagdudulot ng pag-aalangan ng mga biktima sa kanilang kakanyahan kaya ang nangyayari, hindi na sila lumalahok sa talakayan. Bukod dito, ito ay nakakasakit din sa kanilang damdamin. Gayunpaman, positibo ang interpretasyon ng *shamer* dahil maaari itong magamit para patibayin ang loob ng kaklase. Pang-apat, may positibo at negatibong epekto ang *smart shaming* sa diskursong pangsilid-aralan: Positibo, dahil nagdudulot ito sa *shamed* ng motibasyon na mas lalo silang bumuti bilang tao at nagagamit ang *smart shaming* para mai-address ang pagkakamali ng kaklase. Sa kabilang banda, negatibo dahil nakakasakit ito ng damdamin. Nakadepende ang pagpapakahulugan ng mga *smart shaming* nito sa taong nagsasalita (*shamer*) o sa taong napagsabihan (*shamed*). Sa kabuoan, mahihinuhang na hindi akma ang *smart shaming* sa diskurso sa silid-aralan dahil magbubunga lamang ito ng problemeadong senaryo sa sistemang pang-edukasyon sa bansa — kahit na ito'y biro at/o ekspresyon lang.

Lagi't laging isaalang-alang na sa pakikipagdiskurso, mahalagang pag-isipan ang konteksto, lugar, at nararamdaman ng kausap bago magbitiw ng salita. Importanteng aspekto ng komunikasyon ang konsiderasyon. Kinakailangang maging maingat at mapili sa mga ekspresyong ipinapahayag sa kausap. Suriing mabuti kung ang mga bibitawang salita ay makatutulong para sa tagapakinig. Sa usapin naman ng pagiging magaling, tandaan na ang bawat indibidwal ay may kanya-kanyang galing at husay, kinakailangan lang na matuklasan ang galing at mula rito ay pagyamanin ito para makatulong sa lipunan at sa kapwa.

Batay sa mga naging pahayag ng mga kalahok, marapat lamang na ang mga institusyong akademiko sa Pilipinas ay magsulong ng polisiya para makontrol ang kaso ng *smart shaming* sa loob ng silid-aralan. Kung papaanong masikhay ang mga paaralan sa kampanya kontra *bullying*, ganun din dapat ang kampanya kontra-*smart shaming* dahil wala itong maidudulot na maganda sa diskurso ng silid-aralan; maliban na lamang sa pagtanggap ng kalahok, kung tatanggapin niya itong positibo. Inirerekomenda ring magkaroon ng seminar hinggil dito at i-orient ang mga kaguruan tungkol sa paglaganap ng isyung ito sa silid-aralan. Mababakas na sinasalamin ng pananaliksik ang neo-liberalismong sistema ng edukasyon

kung saan bunga ng pagkanais ng mga Pilipino na maging maunlad, ginagamit na batayan ang wikang Ingles para masukat ang kakayahan sa parehong *shamer* at *shamed*. Sa huli, nawawalang saysay ang pakay ng silid-aralan kung ito naman din ay magiging espasyo lang para humina ang loob ng mga estudyante at maging dahilan para kaayawan nila ang pagiging kritikal.

Inirerekomenda sa mga susunod na pag-aaral: paghiwalayin ang pribado at publikong institusyon; ihiwalay ang pagsusuri sa karanasan ng *shamer* at *shamed*. Mahalaga ring alamin kung saang antas talamak ang *smart shaming* sa iba't ibang antas ng edukasyon. Mainam din kung magsagawa ng saliksik hinggil sa koneksyon ng neo-liberalismong sistema ng edukasyon sa bansa lapit sa pag-iral ng mga umuusbong na *smart shaming words* sa loob ng silid-aralan.

Sa pagtatapos, ang pag-aaral na ito ay magbibigay kislap-diwa sa larangan ng araling pangkomunikasyon na maging malay sa mga binibitawang salita dahil maaaring makapanakit sa kalooban ng tumatanggap. Lalo na sa komunikasyong pangmadla na malawak ang nasasakupang awdyens, hindi malabong mangyari na pagmulan ng katatawanan ang isang taong hinahamak sa telebisyon na magiging sanhi upang maapektuhan ang kanyang kalusugang mental. Malaki rin ang tyansang gayahin ng mga batang manonood ang mga ganitong ekspresyong nakasasakit. Gayundin, sa antas ng komunikasyon mahalagang mabatid ng tagapagpadala ng mensahe ang posibleng maging implikasyon ng kanyang bibitawang salita sa tagatanggap, upang hindi magdulot ng miskomunikasyon. Sa huli, anu't ano pa man ang pakay sa paggamit ng mga ganitong salita, palaging ikonsidera ang antas ng kamalayan at emosyon ng tagatanggap para hindi makasakit ng damdamin nang sa gayon ay maging lunsaran ng positibong pagbabago ang akademikong diskursong hinihiraya sa loob ng silid-aralan.

## Mga Sanggunian

Austria, M. C. A., & Diaz, I. M. (2019). Emotion Regulation: Predicting Smart-Shaming Tendency on Social Media Communication. *Journal of Information System and Technology Management*, 4(11), 01-21. https://jistm.com/PDF/JISTM-2019-11-03-01.pdf

Aydin, G. Z., & Oğuzhan, G. (2019). The "crabs in a bucket" mentality in healthcare personnel: A phenomenological study. *Hitit Üniversitesi Sosyal Bilimler Enstitüsü Dergisi*. 618-630. http://dx.doi.org/10.17218/hititsosbil.628375

Bautista, L.Y. (2012). Sarcasm and criticism as basis of Filipino humor: An interactional sociolinguistics approach to exchange of jokes among college students. UP, Los Baños.

Berger, C. R., & Calabrese, R. J. (1975). Some explorations in initial interaction and beyond: Toward a developmental theory of interpersonal communication. Human Communication Research, 1(2), 99-112. https://doi.org/10.1111/j.1468-2958.1975.tb00258.x.

Bernales R. et al. (2009). *Mabisang Komunikasyon sa Wikang Pang-akademiko.* Mutya Publishing House, Inc.

Bernstein, B. (1973). *Class, codes and control: Volume 2, Applied studies towards a sociology of language*. Routledge & Kegan Paul.

Biana, H. T. (2023). Configuring smart-shaming culture in the Philippines. *Cultural Perspectives on Shame*, 173–188. https://doi.org/10.4324/9781003348382-11.

Braun, V. a. (2007). *Using Thematic Analysis in Psychology: Qualitative Research in Psychology, 3, 77–101.*

Constantino, R. (2016). Intelektuwalismo at Wika . In *Mga Piling Diskurso sa Wika at lipunan*. essay, University of the Philippines Press.

Cruz, V. (n.d.). A comparative study on the socio-cultural behaviors of Singaporeans and Filipinos. Retrieved from http://bit.ly/35P4kuI.

Curtis, G. N. "Argumentum ad Hominem".*Fallacy Files 2007*. Archived **from the original on 20 September 2007. Retrieved 2016-14-16.**

Cynthia AP. (2016, May 21). *Word Press.* Retrieved from The Filipino Culture of Smart- Shaming: https://raraavista.wordpress.com/2016/05/21/the-filipino-culture-of-smart-shaming-a-sad-state-of-affairs/ .

Dan, M. (2017, August 22). Rise of anti-intellectualism in the P h i l i p p i n e s . https://www.linkedin.com/pulse/rise-anti-intellectualism-philippines-dan-oliric-manaig-msc.

Facundo, R. (2012, April 14). Beyond 'nosebleed'. Retrieved from http://www.rappler.com/move-ph/3840-beyond-nosebleed

Floyd, K. (2010, October 07). Communication Matters by Kory Floyd. Retrieved from https://www.goodreads.com/book/show/12296114-communication-matters

Gardner, H. (1999). Intelligence Reframed. Multiple Intelligences for the 21st Century. New York: Basic Books.

Grifitths P., Merrison A., Bloomer A. (2010). *Language in use a reader* (1st ed.). https://doi.org/10.4324/9781003060994

Godoy, L. (2016, July 12). *7 Smart-Shaming lines Pinoys use: Why it should stop.* Retrieved from http://thejunglepost.com/2016/07/12/7-smart-shaming-lines-pinoys-use-why-it-should-stop/.

Griffin, E. A. (2015). *A first look at communication theory* (8th ed.). McGraw-Hill Education.

Griffin, E. A. (2005). *A first look at communication theory* (6th ed.). McGraw-Hill.

Isla C. P. (November 15, 2015). Retrieved from http://www.gmanetwork.com/news/story/544441/publicaffairs/kapusomo jessicasoho/pinoy-slang-2015-mga-patok-na-salita-ngayong-taon.

Jimenez, F. (2014). Ang pagsabay sa uso ng wikang Filipino. Retrieved from https://www.gmanetwork.com/news/news/ulatfilipino/376707/ang-pagsabay-sa-uso-ng-wikang-filipino/story/.

Jordan, E., (2011). *Anti-Intellectualism Is Killing America.* Psychology Today. Retrieved from https://www.psychologytoday.com/blog/our-humanity-naturally/201506/anti-intellectualism-is-killing-america.

Manaig, D. O. (2017). Rise of anti-intellectualism in the Philippines. September 05, 2017 from https://www.linkedin.com/pulse/rise-anti-intellectualism-philippines-dan-oliric-manaig-msc

Nussbaum, E. M., & Schraw, G. (2007). Promoting argument-counterargument integration in students' writing. The Journal of Experimental Education, 76(1), 59-92. https://doi.org/10.3200/JEXE.76.1.59-92.

O'Neil S., (2009). It's all about Communication (2nd edition).

Perry , B. D. (2006). Fear and Learning: Trauma -Related Factors in the Adult Education Process. *The Neuroscience of Adult Learning.*

Petty, R. E., & Cacioppo, J. T. (1986). Communication and persuasion: Central and peripheral routes to attitude change. Springer-Verlag.

Philippine News Agency. (2023, August 16). SWS: 47% of Filipinos 'competent' with English language. https://www.pna.gov.ph/articles/1207936

Pieraz, A. (2018, April 18). Retrieved from Wonder.ph: https://wonder.ph/popculture/smart-shaming/

Rose, H., Briggs, J.G., Boggs J.A. Sergio, L., and Ivanova-Slavianskaia, N. (2018). A systematic review of language learner strategy research in the face of self-regulation. System, 72: 151-163. https://doi.org/10.1016/j.system.2017.12.002

Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2020). *Intrinsic and extrinsic motivation from a self-determination theory perspective: Definitions, theory, practices, and future directions. Contemporary Educational Psychology, 101860.* https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2020.101860

San Juan, D. M., De Laza, C., Gonzales, A. L., Martinez, E., Llorando, L., Cuchapin, J., Caja, C., & Carada, I. (2019). *Sangandaan: Filipino sa Iba't Ibang Disiplina*. Mutya Publishing House.

Secapuri, A. E., Agbon, M. G. A., Gomez, L. A. A., Saclayan, M. J. B., Demaclid, D. A., Campos, D. M., Ochoa, N. C. M., & Isos, J. R. D. (2023). The Ironic Filipino Humor: Culture of Anti-Intellectualism on the Self-Esteem of Grade 12 Academic Achievers at Lyceum of Alabang, S.Y. 2022-2023. *PSYCHOLOGY AND EDUCATION: A MULTIDISCIPLINARY JOURNAL*, *13*, 405–419. https://doi.org/10.5281/zenodo.8339648

Secillano, I. (2016, June 25). Why we need to stop smart Shaming. Retrieved from http://www.candymag.com/features/why-we-need-to-stop-smart-shaming-a314-20160625.

Simmons, A. (2014). *The crab syndrome*. Antuan Simmons.

Sison, S. (2015, October 15). *What's up with smart shaming?*. Retrieved from http://www.rappler.com/views/imho/109333-smart-shaming

Sta. Romana, J. J. (2015, July 6). Smart-shaming and our Pinoy culture of anti-intellectualism. Retrieved from GMANetwork.com: https://www.gmanetwork.com/news/scitech/science/517026/smart-shaming-and-our-pinoy-culture-of-anti-intellectualism/story/

Sweeter, H. (1964). The practical study of languages: A guide for teachers and learners. London: Dent. Republished by Oxford University Press in 1964, R. Mackin (ed.).

Tripathy, M. ( October-December 2017). A Study on the Effect of Academic Achievement on Inferiority - Insecurity Feeling. *Mediterranean Journal of Basic and Applied Sciences (MJBAS)* Volume 1, Issue 1, Pages 316-327. Retrieved from https://issuu.com/internationaleducationalscientificr/docs/20._kalai_vani.

Vaughan, H. (2017, May 23). What Does Smart Shaming Mean? Retrieved from Quora.com: https://www.quora.com/What-does-smart-shaming-mean.

Vergara R. (2016, May 14). The Filipino Culture of Smart-Shaming. Retrieved from: http://richelvergara.com/filipino-culture-smart-shaming/.

## Ang awtor

Si Joven B. Makiling ay fultaym fakulti ng Institute of Art and Design-Communication sa University of Makati. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang doktorado sa Araling Filipino sa Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle-Manila. Nakatuon ang kanyang pag-aaral sa Wikang Filipino, kultura, relihiyon, pananampalatayang Pilipino, at retorika.